

**Gabay para
sa mga
kukuha ng
pagsusulit
at ahente**



Ang pagsusulit sa Ingles ay maaaring kunin sa iba't ibang panig ng buong mundo para sa:

- permanenteng residente – UK
- pananatili ng walang taning and panahon nre residensiya – UK
- pagiging mamamayan ng UK

Aprobadong panunulit sa pagtaya ng kakayahan sa pananalita at pakikining.

Ang IELTS Life Skills ay isang pagsusulit para sa mga taong kinakailangang patunayan na ang kanilang kasanayan sa pananalita at sa pakikinig sa wikang Ingles ay nasa Antas A1 o B1 ng Karaniwang European Framework ng Sanggunian para sa Mga Wika (Common European Framework of Reference for Languages, CEFR).

Ang pagsusulit na maaaring kunin sa UK sa ibang pang mga bansa ay kabilang sa listahan ng Secure English Language Tests (madalas na tinutukoy bilang mga pagsusulit sa SELT) ng UK Home Office (Tanggapan sa Tahanan ng UK) at mayroon sa UK at sa ibang bansa.

Ang IELTS Life Skills ay maaaring kunin sa tatlong makakatuwang na tagapangasiwang namamahala sa pagbibigay ng pagsusulit – British Council, IDP: IELTS Australia at Cambridge English Language Assessment.

WPara kanino ang pagsusulit?

Partikular na dinisenyo ang IELTS Life Skills bilang bahagi ng aplikasyon ng mga taong kailangan patunayan sa UK Visas and Immigrations ang kakayahan nila sa pananalita at pakikinig.

Maaari itong gamitin ng mga aplikante para sa:

- pagkuha ng [mga] visa para sa kapamilya, asawa o kapartner na nais manatiling naninirahan kasama ang isang taong permanenteng residente na ng UK.
- pananatili nang walang taning sa UK bilang permanenteng residente, kung dati pang naninirahan dito.
- pagiging mamamayan ng UK.

Para naman sa pagkuha ng iba pang kategorya ng visa, maaring gamitin ang IELTS bilang pagsusulit na siyang tutugon sa pangangailangan. Para sa karagdagang impormasyon kung papaano magagamit ang IELTS o ang IELTS Life Skills para sa UK Visas at imigrasyon, sumangguni sa www.ielts.org/unitedkingdom

Mga antas ng Pagsusulit

May dalawang antas ang IELTS Life Skills:

- A1 Pananalita at Pakikinig – para sa mga visa ng kapamilya ng mga residente ng UK
- B1 Pananalita at Pakikinig – para sa walang taning na pananatili bilang permanenteng residente at para sa pagiging mamamayan

Paraan ng Pagsusulit

Ang IELTS Life Skills ay isang harap-harapang pagsusulit sa pakikinig at pagsasalita na kukunin ng isang kandidato (o kumukuha ng pagsusulit) kasama ang isa pang kandidato. Magkasabay na kukuha ang dalawang kandidato ng pagsusulit sa pangangasiwa ng isang tagasuri (eksaminer) na pareho nilang makakaharap.



Tiyakin kung kailangan ninyo ng pagsusulit sa Ingles

Para malaman kung kailangan ninyong kumuha ng pagsusuri sa Ingles upang matugunan ang mga pangangailangan ng inyong aplikasyon para sa visa, sumangguni sa website ng UKVI: www.gov.uk

Pinagtutuunan ng Pagsusulit

Ang mga situwasyon na basehan ng usapan ay may kinalaman sa pang araw-araw na buhay sa isang bansa na Ingles ang wika. Makikibahagi ka sa maiihsing talakayan tungkol sa mga pangkaraniwang paksa, kabilang ang:

- mga personal na kwento/karanasan
- pamilya at mga kaibigan
- pamimili pangangailangan
- trabaho
- kalusugan
- libangan
- edukasyon/pagsasanay
- transportasyon
- pabahay
- lagay ng panahon

Ang bawat antas ng pagsusulit ay idinisenyo para tasahin ang inyong kakayahang making, sumagot, ipaliwanag ang sinasabi , at makipag-usap sa ibang tao.

	A1	B1
Tuon ng Pagsusulit	<ul style="list-style-type: none"> • makinig at tumugon sa sinabi ng kausap, kabilang ang mga simpleng kuwento, pahayag, tanong, at simpleng utos o tagubilin. • simpleng impormasyon, saloobin at opinyon sa mga pamilyar na paksa • makipag-usap sa isang pamilyar na situwasyon tungkol sa mga pamilyar na paksa 	<ul style="list-style-type: none"> • makinig at tumugon sa sinasabi, kabilang ang simple o payak na impormasyon at kuwento, maintindihan ang direktang paliwanag, at sundin ang tagubilin • gumamit ng angkop na pormalidad sa pagpaparating ng impormasyon, saloobin, at opinyon tungkol sa mga pang araw-araw na paksa • makipag-usap sa isa o higit pang tao sa ordinaryong situwasyon, magpahayag ng mahalagang kuru-kuro, at tumugon sa sinasabi ng iba tungo sa nagkakaisang pang-unawa sa mga pamilyar na paksa.
Mga Gawain	<p>Maaaring kabilang sa mga gawain ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • aglalarawan • pagbibigay ng opinyon • pagbibigay ng personal na impormasyon • pagsasaad ng kagustuhan • pagkokomento • paghingi ng impormasyon o mga paglalarawan • pagsang-ayon at hindi pag-sang-ayon* • pagpapaliwanag, pagbigay ng dahilan o pangangatuwiran • pagpapasya • pagmumungkahi • pamimili 	<p>Karagdagan sa mga gawain sa A1 na makikita sa kaliwa, maaari ring kabilang sa B1 ang mga sumusunod na gawain:</p> <ul style="list-style-type: none"> • paghahambing • pagpapakita ng kaibahan, sanhi, dahilan o layunin • pagtuon sa priyoridad • pagpapalano • panghihimok • pagsasalaysay • pagtatanong tungkol sa mga nakaraan o susunod na kaganapan • nagpapahayag ng katiyakan o ng posibilidad ukol sa hinaharap

Mga susunod na hakbang

1 Magrehistro para sa iyong pagsusulit

Maaari ninyong kunin ang IELTS LIFE Skills sa mga lugar na may nangangasiwa ng pagsusulit na nito, sa maraming lokasyon sa UK at sa iba't-ibang panig ng mundo. Para malaman kung ano at kung saan ang pinakamalapit na sentro sa inyo na nagbibigay ng IELTS Life Skills, sumangguni sa www.ielts.org/testcentres

2 Maghanda para sa inyong pagsusulit

Para makatulong sa inyong maghanda para sa inyong pagsusulit, mag-download ng mga libreng sampol ng pagsusulit mula sa www.ielts.org/lifeskills

3 Ang mga ng inyong

Ang resulta ng inyong pagsusulit ay karaniwang makukuha sa loob ng pitong araw makaraan ang pagsusulit

Makukuha ninyo ang isa sa dalawang resulta:

- Pasado
- Hindi Pasado

Ang "Hindi Pasadong" marka ay nangangahulugang hindi ninyo magagamit ang ganitong resulta bilang kuwalipikasyon para sa inyong aplikasyon tungo sa imigrasyon.

Para malaman kung papaano ninyo magagamit ang IELTS bilang pagsusulit sa halip na IELTS Life Skills ang gamitin para sa aplikasyon para sa residensiya ng kapamilya ng isang nang residente ng UK, sa permanenteng residente, o para sa pagiging mamamayan ng UK, sumangguni sa www.ielts.org/lifeskills

Marami pang malaman sa www.ielts.org/lifeskills

Kung may karagdagang katanungan tungkol sa IELTS Life Skills na di nasagot ng website, maaari kayong magtanong sa www.ielts.org/contact, gamit ang pormularyo (form) na matatagpuan doon.

Magkaroon ng dagdag kaalaman tungkol sa pagsusumite ng aplikasyon para sa UK visa. Sumangguni sa www.gov.uk

 Makilahok sa usapan sa www.facebook.com/IELTSofficial

Ang pagpapahalaga sa inyong pribadong pribasaya

Kinikilala at itinataguyod ng mga magkakatuwang na tagapangasiwa ng IELTS ang karapatan sa pribasiya at pribadong impormasyon ng mga rehistradong kandidato ng pagsusulit ng IELTS. Para sa karagdagang kaalaman, sumangguni sa www.ielts.org/privacy

British Council
Bridgewater House
58 Whitworth Street
Manchester, M1 6BB
United Kingdom
Tel: +44 161 957 7755
ielts@britishcouncil.org

IDP: IELTS Australia
Level 8, 535 Bourke St
Melbourne VIC 3000
Australia
Tel: +61 3 9612 4400
ielts@idp.com

**Cambridge English
Language Assessment**
1 Hills Road
Cambridge, CB1 2EU
United Kingdom
[www.cambridgeenglish.org/
helpdesk](http://www.cambridgeenglish.org/helpdesk)

IELTS USA
825 Colorado Boulevard
Suite 221
Los Angeles, CA 90041
USA
Tel: +1 323 255 2771
ieltsukvi@ieltsusa.org

Ang pagbibigay ng IELTS Life Skills ay magkakatuwang na pinapangasiwaan ng British Council, IDP: IELTS Australia at Cambridge English Language Assessment